## Sanayin Mo

**PAGSASANAY 10:** Tukuyin kung isahan o maramihan ang kailanan ng pang-uring nakasalungguhit sa pangungusap.

_______________ 1. Mapapalad ang mga taong nakaligtas sa daluyong ng bagyong Yolanda.

_______________ 2. Si Kitchie ay matulungin lalo na sa mga nangangailangan.

_______________ 3. Ang malilinis na damit ay itinago niya sa kabinet.

_______________ 4. Nag-abuloy sa bahay-ampunan ang mayamang babae.

_______________ 5. Nakarating na kami sa malayong lalawigan.

_______________ 6. Laging maiikli ang mga kuko ni Tanya.

_______________ 7. Matapang ang boy scout na nagligtas ng kapuwa bata.

_______________ 8. Ang mga dalaga sa aming barangay ay masisipag.

_______________ 9. Nakatutuwang tingnan ang malulusog na sanggol.

_______________ 10. Makikislap ang mga bituin sa langit.

LIVEWORKSHEETS